



# MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATAKBO NG IAATO PARA SA PAGMAMASID SA MGA IBON

## PANGKALAHATANG KODIGO NG PAG-UUGALI PARA SA PAGMAMASID SA MGA IBON SA LUPA, YELO, O TUBIG

- Huwag gumamit ng mga vessel, maliliit na bangka<sup>1</sup> o iba pang paraan ng transportasyon sa mga paraang nakakaistorbo sa wildlife, sa lupa man, yelo, dagat o himpapawid.
- Huwag gumalaw nang biglaan at panatilihin mahina ang ingay.
- Kung may mapapansing pagbabago sa gawi ng ibon, lumayo nang dahan-dahan. Ito ay maaaring palatandaan ng pagkaistorbo.
- Palaging padaanin ang mga hayop.
- Huwag kailanman pakainin ang wildlife.
- Huwag kailanman hikayatin ang mga pakikipag-ugnayan, hawakan ang wildlife, o hayaan ang mga itong hawakan ka.
- Palaging sundin ang mga naaangkop na pamamaraan sa biosecurity para sa damit, sapatos, at kagamitan.
- Sa anumang sitwasyon, hindi dapat gawin ang 'chumming' (paggamit ng isda o langis ng isda) para akitin ang mga isda.

## PAGMAMASID SA MGA IBON SA PAMPANG



- Kung may mapapansing pagbabago sa gawi ng ibon, lumayo nang dahan-dahan.
- Iwasang harangan ang mga daanan ng penguin at mga pasukan at labasan sa tubig. Makipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar.
- Kapag nasa pampang sa niyebe at yelo, iwasang gumawa ng mga 'posthole' kung saan maaaring mabitag ang mga penguin. Subukang panatilihin ang iisang track sa niyebe. Kung magkakaroon ng mga butas, maingat na punan ang mga ito o gawing mas malawak at/o nakadalisdid ang mga ito.
- Manatili sa labas ng mga dulo ng kolonya at mag-observa mula sa ligtas na distansya.
- Mag-ingat sa bungkos ng damo kung saan maaaring nagpupugad ang mga ibon.
- Maaaring lumapit sa iyo ang mga mausisang hayop, lalo na ang mga penguin. Panatilihin ang minimum na kinakailangang distansya (hindi bababa sa 5m). Maghandang umatras nang dahan-dahan pagkatapos tumingin sa likod mo.
- Kung nagsimulang mag-dive bomb ang isang ibon, maaaring pinoprotektahan nila ang mga inakay o pugad. Bumalik sa direksyong nilapitan mo. Mag-ingat sa mga itlog at mga inakay na maaaring nakatago.
- Huwag kailanman istorbohin ang wildlife o mga halaman upang makakuha ng 'mas magagandang' larawan. Ang flash photography ay hindi dapat gamitin sa anumang pagkakataon.
- Huwag gumamit ng mga 'selfie stick' o iba pang kagamitan para makalapit.

[WWW.IAATO.ORG](http://WWW.IAATO.ORG)

## MGA INIREREKOMENDANG

### DISTANSYA NG PAGLAPIT

Ang minimum na distansya mula sa mga ibon sa lupa o yelo ay hindi bababa sa 5 metro/15 talampakan<sup>2</sup>

Dapat sundin ang mga itinakdang distansya ng paglapit/pagmamasid, kung ipagpapalagay na hindi nagpapakita ang mga hayop ng mga palatandaan ng pagkaistorbo mula sa iyong presensya. Tandaan na maaaring kailanganin ng iyong permit/awtorisasyon na magpanatili ng mas malaking distansya. Ang mga hayop lang ang dapat magdikta ng mas malalapit na pakikipag-ugnayan.

Mga specie at/o yugto ng buhay	Minimum na Distansyang (m/ft) panatilihin
Mga namumugad na seabird	5m / 15ft
Mga namumugad na Southern Giant petrel	25m / 75ft
Mga namumugad na albatross	10m / 30ft
Mga nagpapakitang albatross	25m / 75ft
Mga penguin na naglalagas ng balahibo (mga indibidwal at grupo)	5m / 15ft

## MGA PULUTONG NG IBON SA TUBIG

Minsan, makakakita ng mga pulutong ng mga seabird sa dagat hal., pangkat ng mga ibong kumakain sa ibabaw ng tubig, sumisisid, o nagpapahinga at naliligo lang.

- Manatili sa mga gilid ng mga pulutong na ito at iwasan ang pag-istorbo.
- Dapat manatili ang mga barko at yate nang hindi bababa sa 100m/ 300ft ang layo.
- Dapat manatili ang maliliit na bangka at sasakyang pantubig na pinapatakbo ng tao nang hindi bababa sa 30m / 90ft ang layo.

## MGA IBON SA LUMULUTANG NA YELO



Ang mga ibon ay kadalasang gumagamit ng lumulutang na yelo upang magpahinga o umiwas sa mga mandaragit.

- Dapat manatili ang mga barko at yate nang hindi bababa sa 100 metro/300 talampakan mula sa mga pulutong ng mga ibon sa lumulutang na yelo.
- Dapat manatili ang maliliit na bangka at sasakyang pantubig na pinapatakbo ng tao nang hindi bababa sa 5-15 metro ang layo mula sa mga ibon sa yelo.

## MGA PENGUIN NA LUMALAPAG

### SA MALILIIT NA BANGKA

Paminsan-minsan, lumalapag ang mga penguin sa maliliit na bangka, at maaari silang 'mabitag'. Dapat manatiling tahimik ang mga occupant at hintayin nilang makapunta ang penguin sa gilid at makabalik ito sa tubig. Karaniwang hindi na ito nangangailangan ng tulong. Sa isang sitwasyon kung saan kailangan ng tulong, susundin ng iyong mga kawani ang mga pamamaraan

Para sa mas malalim na impormasyon, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Pamamaraan sa Pagpapatakbo ng IAATO para sa Pagmamasid sa Mga Ibon.

<sup>1</sup>Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang 'maliliit na bangka' ay tinutukoy bilang mga Zodiac-style na Inflatable na bangka, gaya ng mga rigid o semi-rigid hull na Inflatable na bangka o anumang katulad na maliliit na landing craft na ginagamit para sa pakikipag-ugnayan sa pampang.

<sup>2</sup>Mga Pangkalahatang Alituntunin para sa mga Panahin sa Antarctic, Resolusyon ng Antarctic Treaty Consultative Meeting 4 (2021), Annex 1.

